Mensahe Tatlo

# Ang Kapangyarihan ng Diyos at ang Karunungan ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: 1 Cor. 1:2, 23-24, 30;
Roma 6:6, 19, 22; Efe. 1:9, 11; 3:11

**I. Bago banggitin si Kristo bilang kapangyarihan ng Diyos at karunungan ng Diyos sa 1 Corinto 1:24, ipinapahayag ni Pablo sa bersikulo 23, "Ang aming ipinangangaral ay si Kristo na ipinako sa krus, na sa mga Hudyo ay katitisuran, at sa mga Hentil ay kamangmangan":**

A. Ipinahihiwatig nito na ang Kristo na siyang kapangyarihan ng Diyos at karunungan ng Diyos para sa pagsasagawa ng ekonomiya ng Diyos ay ang ipinako sa krus na Kristo, isang Kristo na hindi gumawa ng anuman upang iligtas ang Kanyang sarili—b. 24.

B. Sa mga mata ng tao, kapag ang isang tao ay ipinako sa krus, siya ay ipinagpapalagay na walang kapangyarihan, dahil hindi hahayaan ng isang makapangyarihang tao na maipako sa krus ang kanyang sarili; gayunpaman, ang Kristo na siyang kapangyarihan ng Diyos ay ipinako sa krus.

C. Higit pa rito, mula sa pantaong pananaw, ang isang marunong na tao ay hahanap ng mga paraan upang maiwasan ang pagkapako sa krus, gayunman ang Kristo na siyang karunungan ng Diyos ay ipinako sa krus—Gal. 2:20.

D. Ang ipinako sa krus na Kristo ay ang kapangyarihan ng Diyos—1 Cor. 1:24:

1. Sa krus ni Kristo ay makikita natin ang kapangyarihan ng Diyos.
2. Kinakailangan ang kapangyarihan ng Diyos upang magapi si Satanas, ang mundo, ang kasalanan, ang natisod na tao, ang laman, ang natural na buhay, ang lumang nilikha, at ang mga ordinansa.
3. Ang kamatayan ni Kristo—ang Kanyang pagkapako sa krus—ay naging kapangyarihan ng Diyos—b. 24.

E. Ang ipinako sa krus na Kristo ay ang karunungan ng Diyos—2:7:

1. Upang makapagsakatuparan ng anuman, kailangan natin si Kristo bilang kapwa kapangyarihan at karunungan—1:24.
2. Ang karunungan ay para sa pagpaplano at paglalayon, samantalang ang kapangyarihan ay para sa pagsasagawa at pagsasakatuparan ng kung ano ang pinlano at nilayon.
3. Kapag naranasan natin ang ipinako sa krus na Kristo, hindi lamang Siya nagiging ang kapangyarihan ng Diyos sa atin bagkus ang karunungan din ng Diyos—Roma 6:6; Gal. 2:20.
4. Ang ipinako sa krus na Kristo bilang karunungan ng Diyos ay may kaugnayan sa malalim at di-maarok na plano ng Diyos ayon sa Kanyang mabuting kaluguran at ayon din sa paraan ng Diyos na isakatuparan ang Kanyang kalooban—Efe. 1:9, 11; 3:11:
   a. Yamang taglay na natin ang ipinako sa krus na Kristo bilang karunungan ng Diyos, hindi na natin kailangang maghanap ng paraan upang isagawa ang kalooban ng Diyos.
   b. Sa pamamagitan lamang ng pagdaranas sa ipinako sa krus na Kristo, kusa tayong magkakaroon ng paraan na gawin ang kalooban ng Diyos.

c. Tayo ay magiging napakarunong sa paggawa ng kalooban ng Diyos—Col. 1:9; 4:12.

d. Hangga't nararanasan natin ang ipinako sa krus na Kristo, si Kristo ay magiging karunungan ng Diyos sa atin upang tuparin ang Kanyang plano; magkakaroon tayo ng karunungan ng Diyos na gawin ang Kanyang kalooban—1:9.

F. Kapag naranasan natin ang ipinako sa krus na Kristo, tayo ay matatapos—Gal. 2:20:

1. Ang lahat ng kung ano tayo, lahat ng mayroon tayo, at lahat ng magagawa natin—ang lahat ay lubusang matatapos.
2. Kapag tumawag tayo sa pangalan ng Panginoong Hesus, habang tayo ay nagdaranas at nagtatamasa sa Kanya, tinatapos tayo ng Kanyang pagkapako sa krus.
3. Ang Kristo na ipinako sa krus ay hindi lamang ang karunungan bagkus ang paraan din upang tayo ay mapalaya mula sa laman, sa natural na buhay, at sa lumang nilikha.

**II. Bilang mga tinawag ng Diyos, kailangan nating malaman at maranasan ang kapangyarihan at karunungan ni Kristo—1 Cor. 1:24:**

A. Binabanggit sa 1 Corinto 1:2 "ang mga banal na tinawag":

1. Ang mga mananampalataya sa loob ni Kristo ay mga banal na tinawag, hindi tinawag na maging mga banal; ito ay isang pamposisyon na bagay, isang pagpapabanal sa posisyon na may pananaw tungo sa pagpapabanal sa pandisposisyon.
2. Ang tumawag sa pangalan ng Panginoon ay nagpapahiwatig na sumampalataya tungo sa Kanya—Roma 10:14.
3. Ang lahat ng mananampalataya sa loob ng Panginoon ay dapat mga tumatawag—Gawa 9:14, 21; 22:16.
4. Tinawag tayo upang tumawag, tinawag ng Diyos upang tumawag sa pangalan ng Panginoon.
5. Sa mga tinawag ng Diyos, si Kristo ang kapangyarihan ng Diyos at ang karunungan ng Diyos.

B. Ang *sa kanila na mga tinawag* (1 Cor. 1:24) ay tumutukoy sa mga mananampalataya na pinili ng Diyos sa loob ng kawalang-hanggan (Efe. 1:4) at na sumampalataya kay Kristo sa loob ng panahon (Gawa 13:48).

C. Sa mga sumampalataya kay Kristo at tumawag sa Kanyang pangalan, Siya ang kapangyarihan ng Diyos at ang karunungan ng Diyos.

D. Si Kristo na ipinako sa krus ang kapangyarihan ng Diyos para sa pagliligtas sa atin at ang karunungan ng Diyos para sa katuparan ng Kanyang plano:

1. Ang kapangyarihan ang kakayahan, at ang karunungan ang daan.
2. Si Kristo ay kapangyarihan muna natin, at pagkatapos Siya ay ating karunungan, yaon ay, ating daan.
3. Si Kristo ang kapangyarihan ng Diyos upang isagawa ang ekonomiya ng Diyos, at Siya rin ang karunungan ng Diyos, ang daan ng Diyos, upang isagawa ang ekonomiya ng Diyos.

E. Pinalalakas tayo ni Kristo bilang kapangyarihan ng Diyos gamit ang isang dinamikong kapangyarihan, tinutustusan at pinananatili tayo sa kung ano tayo at kung ano ang ginagawa natin:
   1. Sa lahat ng ating sirkumstansiya at kalagayan, binibigyang-kakayahan tayo ni Kristo bilang kapangyarihan ng Diyos na magdusa, magpasan ng mga kabigatan, at tumayong matibay.
   2. Pinananatili Niya rin tayo hanggang sa punto ng pagiging di-nayayanig; dahil dito, ipinapahayag ni Pablo, "Magagawa ko ang lahat ng bagay sa loob Niya na nagpapalakas sa akin"—Fil. 4:13.
   3. Si Kristo bilang kapangyarihan ng Diyos ay araw-araw na nagtutustos at nagpapanatili sa atin sa pamamagitan ng Kanyang dibinong pamamahagi.

F. Si Kristo bilang karunungan ng Diyos ay walang patid na dumadaloy mula sa Diyos tungo sa atin upang maging ating kasalukuyan at praktikal na karunungan sa ating karanasan—1 Cor. 1:24.

**III. "Sa Kanya, kayo ay na kay Kristo Hesus, na naging karunungan sa atin mula sa Diyos: kapwa katuwiran at pagpapabanal at katubusan"—b. 30:**

A. Hindi sinasabi ni Pablo sa bersikulong ito na si Kristo ay naging ating karunungan; sa halip, sinasabi niya na si Kristo ay naging karunungan "sa atin mula sa Diyos":
   1. Ang pahayag na *sa atin mula sa Diyos* ay nagpapahiwatig ng isang bagay na kasalukuyan, praktikal, nararanasan, at nagpapatuloy sa paraan ng paghahatid.
   2. Ang maging karunungan sa atin si Kristo mula sa Diyos ay nagpapahiwatig na mayroong paghahatid ng Kristo bilang karunungan mula sa Diyos tungo sa atin para sa ating pang-araw-araw na karanasan.
   3. Patuloy nating kailangan si Kristo bilang karunungan sa atin mula sa Diyos.

B. Si Kristo ay naging karunungan sa atin mula sa Diyos bilang tatlong mahahalagang bagay sa pagliligtas ng Diyos:
   1. Siya ang ating katuwiran (para sa ating nakaraan), kung saan tayo ay inaring-matuwid ng Diyos, upang maipanganak tayong muli sa ating espiritu upang matanggap ang dibinong buhay—Roma 5:18.
   2. Siya ang ating pagpapabanal (para sa ating kasalukuyan), kung saan tayo ay napababanal sa ating kaluluwa, yaon ay, natatransporma sa ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya, ng Kanyang dibinong buhay—6:19, 22.
   3. Siya ang ating katubusan (para sa ating hinaharap), yaon ay, ang katubusan ng ating katawan (8:23), kung saan tayo ay mababagong-anyo sa ating katawan ng Kanyang dibinong buhay upang mataglay ang Kanyang maluwalhating wangis (Fil. 3:21).
   4. Mula sa Diyos kaya tayo nakalalahok sa gayong kumpleto at sakdal na kaligtasan, na nagsasanhi sa ating buong katauhan—espiritu, kaluluwa, at katawan—na organikong maging kaisa ni Kristo at nagsasanhing maging lahat-lahat sa atin si Kristo.
   5. Lubusang mula sa Diyos, hindi mula sa ating sarili, na makapagmamapuri tayo at makapagluluwalhati tayo sa Kanya, hindi sa ating sarili—Efe. 3:20-21.

© 2024 Living Stream Ministry